

*"Mapapalad ang mga mapagpayapa, sapagkat sila ay tatawaging mga anak ng Diyos ."*  
(Mateo 5:9)

\* \* \*

### **Ang tunay na kapayapaan ay namamayani lamang kapag naghahari ang katotohanan.**

Karaniwang paliwanag ng mga tao sa *kapayapaan* ay ang kawalan ng labanan, subalit naiiba ang pananaw ng Diyos dito. Ang kawalan ng labanan ay isa lamang pahinga ng labanan, na maaaring magtigil ang lantarang digmaan ngunit di nalulutas ang dahilan ng pag-aaway. Ang pahinga ng labanan ay pasimuno ng digmaan sa diplomasya (cold war), na karaniwang nagtutungo ang labanan na patago, kung saan ito'y nagbabaga hanggang sa sumabog sa pisikal o emosyonal na kapahamakan.

Sinasabi ng Santiago 3:17, *"Ngunit ang karunungan buhat sa itaas, una'y malinis, saka mapagpayapa."* Ang makadiyos na karunungan, kalinisan, at kapayapaan ay magkakasama. Ang kapayapaan ay karunungan kumikilos at hindi kailanman nakatindig ng wala sa katuwiran. Ang kapayapaan ay nagdadala ng katuwiran na may kinalaman sa bawat kalagayan, nagsisikap na alisin ang pinagmumulan ng salungatan at makahimok ng marapat na kaugnayan. Malalaman lamang ng magka-alitang panig ang tunay ang na kapayapaan kapag handa na nilang aminin na ang kanilang samaan ng loob at galit ay mali at buong kapakumbabaang hahagilapin nila ang biyaya ng Diyos upang maituwid ang lahat ng bagay.

Itinutumbas ng ilang tao ang pagpapayapa sa pag-iwas ng mga isyu, ngunit ang tunay na kapayapaan ay maaaring maging mapangompronta. Sa Mateo 10:34, *"Huwag ninyong isiping pumarito Ako upang magdala ng kapayapaan sa lupa; hindi Ako pumarito upang magdala ng kapayapaan, kundi tabak."* Iyan ay maaaring kasalungat ng Mateo 5:9, subalit hindi. Alam ni Jesus na kailangang komprontahin ang mga makasalanang tao ng katotohanan bago nila maranasan ang kapayapaan. Iyan ay maaaring maging masakit at mahirap na kaparaanan dahil karaniwang may mapanghimagsik na tugonang mga tao sa mabuting balita bago nila yakapin ito sa huli. Kahit nga mga mananampalataya ay minsan nagiging negatibo ang tugon kapag nakokompronta ng katotohanan ng Diyos.

Ang maging isang biblikal na mapagpayapa ay may kabayaran. Asahan ninyo na magagalit ang mga di mananampalataya na sumasalungat sa Salita ng Diyos, pati na ang mga mananampalataya na naikokompromiso ang katotohanan nito para mapanatili daw ang "kapayapaan" sa mga magkakaibang pananampalataya. May ilan na tatawagin kayong makitid ang isip at mapanghati dahil sa pagharap ninyo sa mga pinagtatalunang paksa. May ilan din na mapagkakamalian ang inyong mga hangarin o kaya'y salakayin kayo ng personal. Subalit ganyan ang landasin ng bawat tunay na mapagpayapa -- kasama na ang ating Panginoon mismo. Magpakatatag kayo, at maging tapat. Ang iyong mga pagsisikap na makapagdala ng kapayapaan ay nagpapakita na kayo nga ay isang anak ng Diyos.

\* \* \*

*Mga Suhestion para Ipanalangin:* Hilingin sa Diyos ang katapangan na di kailanman malagay sa kompromiso ang Kanyang katotohan. \* Ipanalangin ang mga taong alam ninyong nagdurusa nang dahil sa mabuting balita.

*Para sa Dagdag na Pag-aaral:* Basahin ang Lukas 12:51-53, pansinin kung paanong ang mabuting balita ay nagdudulot ng pagkakahati-hati kahit na sa mga magkaka-pamilya.